


# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Karanasan at Implikasyon ng Digmaang Pandaigdig sa Kasaysayan ng mga Bansang Asyano



**Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Karanasan at Implikasyon ng Digmaang Pandaigdig**  
**sa Kasaysayan ng mga Bansang Asyano**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rizza Joy O. Morco, Maria Socorro P. Atanacio

**Editor:** Jouilyn O. Agot

**Tagasuri:** Zenon M. Oblan

**Tagaguhit:** Glendale John V. Felizarte

**Tagalapat:** Liezl O. Arosio, Florendo S. Galang

**Tagapamahala:** Dr. Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Freddie Rey R. Ramirez

Danilo C. Padilla

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navila

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – MIMAROPA Region**

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8631-4070; 8637-3093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

**Ikatlong Markahan – Modyul 3:**

**Karanasan at Implikasyon ng**

**Digmaang Pandaigdig sa**

**Kasaysayan ng mga Bansang Asyano**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

### **Halina't simulan natin!**

Naitanong mo na ba sa iyong sarili, ano nga ba ang mga naging karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya? Paano nila ito hinarap? Ano ang naging epekto nito sa kanila?

Huwag mag-alala dahil ang lahat ng iyong mga katanungan ay bibigyang linaw sa modyul na ito upang tulungan kang maunawaan ang mga naging karanasan at implikasyon ng digmaan sa kasaysayan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda para sa iyo. Kaya't tara na, lakbayin natin ang daan tungo sa karunungan

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Nasusuri ang mga naging karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya noong Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig;
2. Natutukoy ang mga implikasyon ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano;
3. Naiisa-isa ang mga epekto ng dalawang digmaang pandaigdig.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

### **PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)**


Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

### **PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)**

Nakapagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

### **PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)**

- Natatalakay ang karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano.



## Subukin

**Panuto:** Suriin at unawaing mabuti ang bawat pahayag at katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod na pangyayari ay naganap noong Unang Digmaang Pandaigdig **maliban** sa:
  - A. pagbuo ng *Triple Alliance* at *Triple Entente*
  - B. pandaigdigang krisis tulad ng naganap sa mga Estado ng Balkan at sa Morocco
  - C. pagpapalakas ng hukbong militar ng mga bansa
  - D. pagtatatag ng Nagkakaisang Bansa
2. Alin sa sumusunod na pangyayari ang naging hudyat o dahilan sa pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig?
  - A. Pagpapakamatay ni Adolf Hitler matapos sumalakay ang *Allied Powers*
  - B. Pagpapalabas ng labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson
  - C. Pagpaslang kay Archduke Francis Ferdinand ng Austria sa Sarajevo, Bosnia
  - D. Pagwawakas ng mga Imperyo sa Europa tulad ng Alemanya, Austria-Hungary, Rusya, at Ottoman
3. Ang kasunduan sa Versailles ay mahalaga dahil sa mga probisyon nito ukol sa:
  - A. pag-angkin ng Russia sa Constantinople upang magkaroon ng magandang daungan.
  - B. paghahati-hati sa dating kolonya ng Alemanya sa pangangasiwa ng mga bansang magkaka-alyado.
  - C. pagkakaroon ng *Triple Alliance* at *Triple Entente*
  - D. paglaban ng Alemanya sa kapangyarihang pandagat ng Inglatera.
4. Ang pagsisimula ng World War II ay maiuugnay sa:
  - A. pagkabigo ni Adolf Hitler na sakupin ang Inglatera
  - B. paglusob ng mga Aleman sa Poland noong 1939
  - C. pagpapadala ng Estados Unidos ng mga armas sa Inglatera
  - D. pagpaslang sa maraming Hudyo sa Europa
5. Ano ang tamang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
  1. Pagdating ng *Allied Powers* sa Pransya bilang D-Day
  2. Pagdeklara ng Estados Unidos ng digmaan laban sa Hapon
  3. Paglusob ng Hapon sa Manchuria
  4. Pagsalakay ng Alemanya sa Poland
  - A. 2 - 4 - 3 - 1
  - B. 4 - 1 - 3 - 2
  - C. 3 - 4 - 2 - 1
  - D. 1 - 2 - 4 - 3

6. Kailan naganap ang Unang Digmaang Pandaigdig?
- |                   |                  |
|-------------------|------------------|
| A. Agosto 1924    | C. Agosto 1914   |
| B. Setyembre 1939 | D. Marso 3, 1924 |
7. Ang *Central Powers* ay binubuo ng mga bansang Germany, Austria, at Hungary, samantalang ang *Allied Powers* ay binubuno ng anong mga bansa?
- |                                     |
|-------------------------------------|
| A. France, Great Britain, at Russia |
| B. Russia, Austria, at France       |
| C. France, England, at Russia       |
| D. England, Russia, at Germany      |
8. Nakasentro man sa Europa ang digmaan, nakaapekto rin ito sa Asya. Tulad sa \_\_\_\_\_, ang nasyonalismo at pangkalayaang kilos ay nagkaisang tumulong sa panig ng mga *Allies*.
- |            |          |
|------------|----------|
| A. Austria | C. Iraq  |
| B. Germany | D. India |
9. Ano ang naging bunga ng *Azerbaijan Crisis* na kinasangkutan ng Russia at America at ng kanilang mga kaalyado?
- |                 |                                  |
|-----------------|----------------------------------|
| A. Iron Curtain | C. Unang Digmaang Pandaigdig     |
| B. Cold War     | D. Ikalawang Digmaang Pandaigdig |
10. Anong tawag sa kasunduan na naghudyat sa pormal na pagtatapos ng digmaan?
- |                         |                        |
|-------------------------|------------------------|
| A. Tehran Conference    | C. Mandate System      |
| B. Treaty of Versailles | D. Balfour Declaration |
11. Ang pagkakatuklas ng \_\_\_\_\_ sa Kanlurang Asya noong 1914 ang naging dahilan upang mas lalong maging interesado ang mga Kanluraning bansa at magtatag ng sistemang mandato.
- |                   |              |
|-------------------|--------------|
| A. Mina ng langis | C. Pilak     |
| B. Ginto          | D. Pampalasa |
12. Ito ay ipinalabas noong 1917 ng mga Ingles kung saan nakasaad na ang mga Palestine ay bubuksan sa mga Jew o Israelite upang maging kanilang tahanan. Anong kasunduan ito?
- |                         |                        |
|-------------------------|------------------------|
| A. Tehran Conference    | C. Mandate System      |
| B. Treaty of Versailles | D. Balfour Declaration |
13. Anong kasunduan ang pinangunahan ng Estados Unidos na nagsasaad na kapwa lilisanin ng Russia at Great Britain ang bansang Iran upang makapagsarili at maging malaya?
- |                         |                        |
|-------------------------|------------------------|
| A. Tehran Conference    | C. Mandate System      |
| B. Treaty of Versailles | D. Balfour Declaration |
14. Kailan naganap ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
- |                   |                  |
|-------------------|------------------|
| A. Agosto 1924    | C. Agosto 1914   |
| B. Setyembre 1939 | D. Marso 3, 1924 |

15. Anong kasunduan ang nagwakas sa digmaan sa pagitan ng *Allied Powers* ng *Ottoman Empire*?
- A. Tehran Conference  
 B. Treaty of Versailles  
 C. Mandate System  
 D. Armistice of Murdos

<b>Aralin</b>  <b>1</b>	<b>Karanasan at Implikasyon ng Digmaang Pandaigdig sa Kasaysayan ng mga Bansang Asyano</b>
-------------------------------	--

Sa nakaraang aralin, natuklasan natin ang mga salik at kahalagahan ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Nalaman din natin kung ano ang kahulugan ng salitang nasyonalismo.

Sa pagsisimula ng ating bagong aralin, maaari bang ipaliwanag mo muna kung ano ang kahulugan ng nasyonalismo?

Handa ka na ba? Halika at umpisahan mong sagutin ang inihandang paunang gawain kung saan ipaliliwanag mo ang kahulugan ng salitang nasyonalismo.




### **Balikan**

Sa nakaraang aralin, tinalakay ang kahulugan ng nasyonalismo, mga dahilan sa pagpapakita ng damdaming nasyonalismo, at mga pamamaraang ginamit ng mga taga-Timog at Kanlurang Asya upang makamit ang kalayaan mula sa mga Kanluraning mananakop.

Bago natin ipagpatuloy ang talakayan sa modyul na ito, gunitain muna natin ang nakaraang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na gawain.

#### **Gawain 1: Kahulugan, Ipaliwanag Mo!**



Ano nga ba ang ibig sabihin ng nasyonalismo?

---



---



---



## Gawain 2: Kaalaman

**Panuto:** Tukuyin ang mga dahilan ng pagpapakita ng nasyonalismo at paraang ginamit para matamo ang kalayaan. Gumamit ng hiwalay na papel.

	Dahilan ng Pagpapakita ng Nasyonalismo	Pamamaraang Ginamit para Matamo ang Kalayaan
Timog Asya		
Kanlurang Asya		



### ***Mga Tala para sa Guro***

Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng cross word puzzle/search, story map, graphic organizer, timeline, Reflective Journal atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



## Tuklasin

Gusto mo bang malaman kung ano ang mga naging karanasan ng mga bansang Asyano kaugnay sa naganap na dalawang digmaang pandaigdig? Gayundin ang naging implikasyon nito sa kanilang pamumuhay?

Pero bago yan, subukan muna nating gawin ang nakahandang gawain.

### Gawain 1: I-Word Search Mo

**Panuto:** Kopyahin ang kahon, hanapin at lagyan ng kulay ang sumusunod na mga salita sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

Nasyonalismo	Digmaan	Imperyalismo	Militarismo	Allies
Central Powers	Epekto	Krisis	United Nations	Kasunduan

A	O	L	F	S	E	I	L	L	A	H	C	T	U	N
P	M	V	G	V	Z	Q	T	Y	F	Y	O	N	B	A
C	S	U	R	O	N	X	P	I	P	M	I	A	T	A
M	I	Z	H	G	P	R	H	F	Y	T	D	Y	K	M
I	L	T	W	R	U	Y	Z	O	E	G	N	V	X	G
L	A	S	I	S	I	R	K	D	A	V	D	C	T	I
I	N	M	C	P	X	M	N	T	M	I	Q	U	Y	D
T	O	H	A	N	H	A	Z	Q	S	N	D	I	A	O
A	Y	B	Y	R	T	M	T	O	A	L	Z	R	J	T
R	S	F	K	I	N	A	U	D	N	U	S	A	K	K
I	A	E	O	G	W	H	P	S	A	T	D	Q	F	E
S	N	N	M	F	U	R	F	W	U	N	M	Z	O	P
M	S	A	L	P	H	V	H	E	Q	P	U	Y	Q	E
O	X		O	M	S	I	L	A	Y	R	E	P	M	I
C	E	N	T	R	A	L	P	O	W	E	R	S	U	X

### Pamprosesong Tanong:

1. Ano sa iyong palagay ang kaugnayan ng mga salitang iyong nahanap sa aralin natin ngayon?
2. Nakaapekto ba ang digmaan sa pagtatamo ng Kalayaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya? Paano mo nasabi?




## Suriin

### **Epekto ng mga Digmaang Pandaigdig sa Pag-angat ng mga Malawakang Kilusang Nasyonalista**

#### **Ang Timog at Kanlurang Asya sa Dalawang Digmaang Pandaigdig**

Noong naganap ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay mas lalong nasubok ang pagpapakita ng nasyonalismo ng mga lider sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya upang matamo nila ang kalayaan sa kamay ng imperyalistang bansa.

#### **Unang Digmaang Pandaigdig (1914-1918)**



Matutunghayan natin sa araling ito ang mga tunay na kaganapan sa pagsiklab ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig na siyang nag-udyok sa mga Asyano na magkaroon ng mga pagbabago at lalong higit na magpunyagi na matamo ang kanilang minimithing kalayaan para sa mga bansa lalo na sa Timog at Kanlurang Asya sa pangunguna ng mga lider Asyano.

Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay sumiklab noong

Agosto 1914 dahil narin sa pagkakaroon ng alyansya ng mga bansa sa Europeo upang maisakatuparan nila ang kanilang mga interes dahil sa pag-uunahan sa teritoryo. Ang mga bansang kabilang sa alyansa ng Germany, Austria at Hungary ay tinatawag na *Central Powers*, samantalang ang mga *Allies* naman ay binubuo ng bansang France, England, at Russia. Isang mahalagang pangyayari at dahilan din sa pagsiklab ng nasabing digmaan ang pagkamatay ni Archduke Francis Ferdinand ng Austria.

- *Central Powers- alyansa ng mga bansang Germany, Austria, at Hungary.*
- *Allies – binubuo ng mga bansang France, England at Russia*

Kahit na nakasentro ang digmaan sa Europa ay nakaapekto rin ito sa Asya. Tulad sa India, ang nasyonalismo at pangkalayaang kilusan ay nagkaisa at tumulong sa panig ng mga *Allies*. Sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Indian sa labanan sa ilalim ng mga opisyal na Ingles. Kaalinsabay nito ay pagkakaisa rin ng mga kilusang Muslim at Hindu na pansamantalang isinantabi ang di-pagkakasundo dahil kapwa silang naghangad na mabigyan ng karapatang

mamahala sa sarili. Pinangunahan ni Gandhi ang kilusan sa pamamagitan ng pamamaraang payapa ayon sa satyagraha (*non-violence*).

Sa pamamagitan ng bansang Iran, Russia, at Great Britain ay nagsagawa ng pag-atake sa *Ottoman Empire* na kung saan ay nakipag-alyado sa Germany. Sa kabila nito, ang Iran ay walang pinapanigan. Ang digmaang ito ay nagdulot ng malawakang pagkasira ng mga pamayanan, ari-arian, pagpatay ng maraming Iranian, at nagdulot ng pagkagutom. Ang kawalan ng pagkilos ng pamahalaang Iran sa pagkakataong ito ay nagbigay-daan sa malawakang pag-aalsa at pagkilos ng mamamayan na humihingi ng kalayaan para sa Hilagang Iran noong 1915-1921.

Noong taong 1919, hiniling ng Gran Britanya sa Punong Ministro ng Iran na lumagda sa isang kasunduang magbibigay ng malawak na kapangyarihan sa pagkontrol ng ekonomiya, politika, pangmilitar sa bansang Iran na magbibigay-daan sa pagiging ganap na protektadong bansa ng Gran Britanya. Ang pangyayaring ito, ang nagbigay daan upang magalit ang mga pangkat ng nasyonalista sa pamahalaang Iran. Sa pamamagitan ng pagbatikos sa kasunduang ito sa mga pahayagan at pag-aalsa ay napigilan ang nasabing kasunduan noong 1926.

Natalo sa digmaan ang *Central Powers* sa Versailles, France kasunod ng isang kasunduan na tinawag na *Treaty of Versailles* na naghuhudyat sa pormal na pagtatapos ng digmaan. Isa sa mga epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig ay ang pagpasok ng mga Kanluraning bansa sa Kanlurang Asya dahil sa pagbagsak ng imperyong Ottoman. Natuklasan ang langis sa Kanlurang Asya noong 1914, dahilan upang mas maging interesado ang mga Kanluraning bansa rito at magtatag ng sistemang mandato. Ibinigay sa bansang France ang mandato para sa Syria at Lebanon, napasakamay naman ng mga Ingles ang mandato para sa Palestina. Ang mga lokal na pamamahala sa mga bansang ito ay nanatili ngunit pinamahalaan ng mga dayuhan ang aspektong pang-ekonomiya. Nanatiling malaya ang ibang bansa sa Kanlurang Asya ngunit di pa rin nakaligtas sa kontrol ng mga Kanluraning bansa. Isang halimbawa nito ay ang pamumuno ni Haring Ibn Saud sa Saudi Arabia, habang lahat ng kompanyang naglililang ng langis ay pag-aari naman ng mga dayuhan.

Ipinalabas ang *Balfour Declaration* noong 1917 ng mga Ingles na kung saan nakasaad dito na ang Palestina ay bubuksan sa mga *Jew o Israelite* upang maging kanilang tahanan (homeland). Ito ang naging dahilan upang magkaroon ng di-pagkakaunawaan ang mga Muslim at Jew na nagsimulang magsibalik sa Kanlurang Asya mula sa Europe.

Dahil sa pagtatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ay lumakas sa bansang India ang kilusang Nasyonalismo na naging daan upang magkaisa ang pangkat ng Hindu at Muslim. Nagkaroon sa bansang India ng malawakang demonstrasyon, boykot at di pagsunod sa mga kautusan ng Ingles, dahil dito ay naibigay ang autonomiya sa bansang India.

## **Kanluran at Timog Asya noong Unang Digmaang Pandaigdig**

- Sa Kanlurang Asya, nagkaroon ng digmaan sa pagitan ng *Triple Entente* sa pangunguna ng Russia, France, at Great Britain at ang Central Powers sa pangunguna ng Imperyong Ottoman.
- Noong taong 1917, nasakop na ng *Allied Powers* ang iba't ibang importanteng lugar sa Kanlurang Asya katulad ng Baghdad, Iraq, at ang Jerusalem.
- *Armistice of Murdos* – ito ay ang kasunduan na nagwakas sa digmaan sa pagitan ng *Allied Powers* ng *Ottoman Empire*.
- Noong Nobyembre 1918, nakuha at nasakop na ng *Allied Powers* ang sentro ng Imperyong Ottoman, ang Constantinople.
- Ang Unang Digmaang Pandaigdig sa Kanlurang Asya ang nagbigay daan sa paglaya o pag-usbong ng damdaming nasyonalismo. Halimbawa rito ay si Mustafa Kemal Ataturk, na pinangunahan ang laban sa imperyong Ottoman.
- *Mandate System* - sistemang ipinatupad ng *Allied Powers*. Nakasaad dito na paghahati-hatian ng mga *Allies* ang mga bansang dating sakop ng imperyong Ottoman.
- Noong Marso 3, 1924 bumagsak ang imperyong Ottoman.
- Noong mga unang bahagi ng 20th Century, ang kabuoan ng Timog Asya ay nasasakop ng Imperyong British. Noong 1914, nagdeklara ng digmaan ang India bilang suporta sa Imperyong British sa *Triple Alliance*, partikular na ang Alemanya. Ang India ay ang pangalawa sa pinakamalaking suportang *armies* sa buong daigdig.
- *Khudadad Khan Minhas* – pagkatapos ng unang labanan sa Ypres, siya ay ang unang Indian na nagawaran ng *Victoria Cross*.
- Ang Unang Digmaang Pandaigdig sa Timog Asya ang nagsilbing inspirasyon upang lalong sumidhi ang pagnanais na makalaya ang mga bansa sa Timog Asya sa mga Briton. Lalong dumami ang mga organisasyon na naglalayong palayain ang kani-kanilang bansa.

### **Pamprosesong Tanong:**

1. Ano sa iyong palagay ang sanhi o dahilan ng pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig?
2. Mayroon bang naging masamang epekto sa Timog at Kanlurang Asya ang Unang Digmaang Pandaigdig? Paano?

## **Ikalawang Digmaang Pandaigdig**

Noong Setyembre 1939 ay ang pagsisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Europa. Samantala taong 1942, isang kasunduan ang pinangunahan ng Estados Unidos ang *Tehran Conference* na nagsasaad na kapwa lilisanin ng Rusya at Britanya ang bansang Iran upang makapagsarili at maging malaya. Mayo 1946

nang sinimulang alisin ng Rusya ang kaniyang mga tropa sa Iran na hindi naman tuluyang naisakatuparan bagkus ay nagdulot pa ito ng *Azerbaijan Crisis*. Itinuturing ito na unang di pagkakaunawaan na dininig ng Security Council ng United Nations (UN). Ito ang nagbigay-daan sa Cold War na kinasangkutan ng Estados Unidos at kaniyang mga kaalyado, kontra naman sa Rusya kasama rin ang kaniyang kaalyadong bansa.

Isa rin ang bansang India na kolonya noon ng Inglatera ang naapektuhan matapos ang digmaan dahil minsan na rin niyang binigyan ng suporta ang Inglatera sa pakikidigmang ginawa nito. Si Gandhi at ang kaniyang mga kasamahan ay nagprotesta tungkol dito dahil ayaw nila ng digmaan. Sa pagtatapos ng digmaan lalong sumidhi ang ipinaglalaman ng mga taga-India para sa kalayaan ngunit ito ay naging daan upang muling hindi magkaisa ang mga Indian. Sa paglaya ng India noong 1947, ito ay nahati sa dalawang pangkat, ang pangkat ng Hindu at ng Muslim. Ang India para sa mga Hindu at Pakistan para sa mga Muslim.

Dahil sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig inasahang makakamit ang kalayaang minimithi ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya at ito ay maituturing na pinakamahalagang pangyayaring naganap sa Asya.

### **Kanluran at Timog Asya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig**


- Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagsimula sa pagsakop ni Adolf Hitler noong Setyembre 1, 1939 sa Poland.
- *Anglo-Iraqi War* – ito ay ang digmaan sa pagitan ng pamahalaan ni Rashid Ali, isang masugid na sumusuporta kay Adolf Hitler at ng mga bansang Great Britain, Australia, at Greece. Pagkatapos ng digmaan, sinakop ng Britanya ang Iraq hanggang 1947 upang maprotektahan ang mga plantasyon ng langis.
- *Operation Countenance (Pagsakop ng Anglo-Soviet sa Iraq)* – ito ang pagsakop sa Imperyong Iran ng Russia at British noong 1941. Ang layunin ay masiguro ang mga *Iranian oil fields* at ang mga *Allied Supply lines* patungong Russia.
- Ang India noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay sakop pa rin ng Imperyong British. Noong Setyembre 1939, opisyal na nagdeklara ng digmaan ang India sa Nazi Germany. Nagpadala ito ng 2 milyong sundalo upang labanan ang Axis Powers sa Europa, Asya, at Hilagang Africa.
- Ang ikaapat, ikalima at ikasampu na dibisyon ng *Indian Army* ay nakipaglaban sa Hilagang Africa. Naging maigting at malupit ang labanan ng India at ng Germany sa pangunguna ni Erwin Rommel.

## Epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Timog at Kanlurang Asya

1. Pagkakaroon ng kasarinlan ng mga bansa
2. Maraming namatay na sundalo na sumabak sa digmaan
3. Paglago ng ekonomiya
4. Maraming gusali ang nawasak
5. Pagkakaroon ng *slave labour* at genocide
6. Pag-unlad ng teknolohiya

### Pamprosesong Tanong:


1. Bakit nagkaroon ng *cold war* ang Estados Unidos at mga kaalyado nito laban sa Russia?
2. Paano nakaapekto sa Timog at Kanlurang Asya ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?



## Pagyamanin

### Gawain 1: Story Map

**Panuto:** Batay sa binasang teksto, punan ng impormasyon ang *Story Map* upang masuri ang kaganapan at epekto ng mga naganap sa digmaang pandaigdig. Gawin ito sa isang malinis na papel o kuwaderno.




**Pamprosesong Tanong:**

1. Sino-sinong pinuno ang nanguna sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
2. Saang bahagi ng daigdig naganap ang pinakamainit na labanan?
3. Ipaliwanag ang simula, mahalagang labanan, mga kasunduang naganap, at naging wakas ng Digmaang Pandaigdig.
4. Paano nakaapekto ang digmaang ito sa mundo?

Upang masubok na ikaw ay nakapagsuri nang maayos tungkol sa mga epekto ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ay maaari mo nang gawin ang kasunod na *tree diagram*.

**Gawain 2: Tree Diagram**

**Panuto:** Lagyan ng wastong impormasyon ang sumusunod na bahagi ng *tree diagram*. Maaari mong kulayan ang *tree diagram* upang maging kaakit-akit. Gawin ito sa isang malinis na papel o kuwaderno.





### **Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang nangyari sa Timog at Kanlurang Asya bago at matapos ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
2. Sa paanong paraan nakaapekto ang nasabing mga digmaan sa mga tao at bansa ng Timog at Kanlurang Asya noon at sa kasalukuyan?

Nasagot mo ba ang hinihinging datos ng *tree diagram*? Magaling! Alam ko na mas gagalingan mo pa sa susunod na gawain.


### **Gawain 3: I-Timeline Mo**

**Panuto:** Ayusin ang ilang mahahalagang pangyayari noong Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa “*time table*”. Pagkatapos ay ilagay ang mga pangyayari sa tamang panahong nakatala sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

- Sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig
- Pag-atake ng Russia at Great Britain sa *Ottoman Empire* na naging dahilan ng malawakang pagkasira ng pamayanan, ari-arian, at pagpatay ng maraming Iranian.
- Bumagsak ang Imperyong Ottoman
- Nagsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig
- Hiniling ng Great Britain na lumagda sa isang kasunduan ang Punong Ministro ng Iran para magkaroon ng malawak na kapangyarihan sa pagkontrol ng ekonomiya, politika, at militar.
- Natuklasan ang langis sa Kanlurang Asya, dahilan upang mas maging interesado ang mga Kanluraning bansa dito at magtatag ng sistemang mandato.
- Nakuha at nasakop na ng *Allied Powers* ang sentro ng Imperyong Ottoman, ang Constantinople.
- Lumaya ang India at nahati sa dalawang pangkat ng Hindu at Muslim. Ang India para sa mga Hindu at Pakistan para sa mga Muslim.
- Pinangunahan ng Estados Unidos ang Tehran Conference na nagsasaad na kapwa lilisanin ng Russia at Great Britain ang bansang Iran upang makapagsarili at maging malaya.
- *Operation Countenance* o pagsakop sa Imperyong Iran ng Russia at British. Ang layunin ay masiguro ang mga *Iranian oil fields* at ang mga *Allied Supply lines* patungong Russia.

- 1914 \_\_\_\_\_
- Agosto 1914 \_\_\_\_\_
- Nobyembre 1918 \_\_\_\_\_
- 1951 – 1921 \_\_\_\_\_
- 1919 \_\_\_\_\_
- Marso 3, 1924 \_\_\_\_\_
- Setyembre 1, 1939 \_\_\_\_\_
- 1941 \_\_\_\_\_
- 1942 \_\_\_\_\_
- 1947 \_\_\_\_\_

Ayan! Sa ikatlong gawain, alam ko na napagsunod-sunod mo nang maayos ang mahahalagang pangyayari noong Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



### ***Isaisip***

Sa bahaging ito ng aralin ay susubukin ang iyong pang-unawa sa paksang tinalakay sa modyul na ito. Inaasahan na mas magiging mapanuri ka sa mga naging karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano.

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga katanungan. Ipaliwanag at sagutin ito nang buong katapatan sa sagutang papel.

1. Ano ang naging implikasyon ng dalawang digmaang pandaigdig sa mga tao sa bansang Timog at Kanlurang Asya?

---



---



---



---

2. Ano-ano ang naging karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya matapos ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig?

---

---

---

---


3. Sa naging karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa pagsiklab ng dalawang digmaang pandaigdig, nanaisin mo pa bang maulit ito sa kasalukuyang panahon? Bakit?

---

---

---

---



## ***Isagawa***

### **Gawain: Reflection Log**

**Panuto:** Isulat sa inyong malinis na papel o kuwaderno ang iyong saloobin kaugnay sa mga tinalakay na paksa.

Pangalan: \_\_\_\_\_

Petsa : \_\_\_\_\_

Taon at Seksiyon: \_\_\_\_\_

*Reflection Log:*

Ang implikasyon ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig para sa akin ay

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

Ipinagmamalaki ko ang aking pagiging Asyano dahil sa natatanging mga nagawa ng mga kilalang nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya na nagpapatunay na ang Asyanong katulad ko ay \_\_\_\_\_

---

---

---

---

---

---

---

---



## Tayahin

**Panuto:** Suriin at unawaing mabuti ang bawat pahayag at katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod na pangyayari ay naganap noong Unang Digmaang Pandaigdig **maliban** sa:
  - A. pagbuo ng *Triple Alliance* at *Triple Entente*
  - B. pandaigdigang krisis tulad ng naganap sa mga Estado ng Balkan at sa Morocco
  - C. pagpapalakas ng hukbong militar ng mga bansa
  - D. pagtatatag ng Nagkakaisang Bansa
2. Alin sa sumusunod na pangyayari ang naging hudyat o dahilan sa pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig?
  - A. Pagpapakamatay ni Adolf Hitler matapos sumalakay ang *Allied Powers*
  - B. Pagpapalabas ng labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson
  - C. Pagpaslang kay Archduke Francis Ferdinand ng Austria sa Sarajevo, Bosnia
  - D. Pagwawakas ng mga Imperyo sa Europa tulad ng Alemanya, Austria, Hungary, Rusya, at Ottoman
3. Ang kasunduan sa Versailles ay mahalaga dahil sa mga probisyon nito ukol sa:
  - A. pag-angkin ng Russia sa Constantinople upang magkaroon ng magandang daungan
  - B. paghahati-hati sa dating kolonya ng Alemanya sa pangangasiwa ng mga bansang magkakaalyado
  - C. pagkakaroon ng *Triple Alliance* at *Triple Entente*
  - D. paglaban ng Alemanya sa kapangyarihang pandagat ng Inglatera

4. Ang pagsisimula ng World War II ay maiuugnay sa:
- pagkabigo ni Adolf Hitler na sakupin ang Inglatera
  - paglusob ng mga Aleman sa Poland noong 1939
  - pagpapadala ng Estados Unidos ng mga armas sa Inglatera
  - pagpaslang sa maraming Hudyo sa Europa
5. Ano ang tamang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
- Pagdating ng *Allied Powers* sa Pransya bilang D-Day
  - Pagdeklara ng Estados Unidos ng digmaan laban sa Hapon
  - Paglusob ng Hapon sa Manchuria
  - Pagsalakay ng Alemanya sa Poland
- 2 - 4 - 3 - 1
  - 4 - 1 - 3 - 2
  - 3 - 4 - 2 - 1
  - 1 - 2 - 4 - 3
6. Kailan naganap ang Unang Digmaang Pandaigdig?
- |                   |                  |
|-------------------|------------------|
| A. Agosto 1924    | C. Agosto 1914   |
| B. Setyembre 1939 | D. Marso 3, 1924 |
7. Ang *Central Powers* ay binubuo ng mga bansang Germany, Austria, at Hungary, samantalang ang *Allied Powers* ay binubuno ng anong mga bansa?
- France, Great Britain, at Russia
  - Russia, Austria, at France
  - France, England, at Russia
  - England, Russia, at Germany
8. Nakasentro man sa Europa ang digmaan, nakaapekto rin ito sa Asya. Tulad sa \_\_\_\_\_, ang nasyonalismo at pangkalayaang kilos ay nagkaisang tumulong sa panig ng mga *Allies*.
- |            |          |
|------------|----------|
| A. Austria | C. Iraq  |
| B. Germany | D. India |
9. Ano ang naging bunga ng *Azerbaijan Crisis* na kinasangkutan ng Russia at America at ng kanilang mga kaalyado?
- |                 |                                  |
|-----------------|----------------------------------|
| A. Iron Curtain | C. Unang Digmaang Pandaigdig     |
| B. Cold War     | D. Ikalawang Digmaang Pandaigdig |
10. Anong tawag sa kasunduan na naghudyat sa pormal na pagtatapos ng digmaan?
- |                         |                        |
|-------------------------|------------------------|
| A. Tehran Conference    | C. Mandate System      |
| B. Treaty of Versailles | D. Balfour Declaration |

11. Ang pagkakatuklas ng \_\_\_\_\_ sa Kanlurang Asya noong 1914 ang naging dahilan upang mas lalong maging interesado ang mga Kanluraning bansa at magtatag ng sistemang mandato.
 

A. Mina ng langis	C. Pilak
B. Ginto	D. Pampalasa
  
12. Ito ay ipinalabas noong 1917 ng mga Ingles kung saan nakasaad na ang mga Palestine ay bubuksan sa mga Jew o Israelite upang maging kanilang tahanan. Anong kasunduan ito?
 

A. Tehran Conference	C. Mandate System
B. Treaty of Versailles	D. Balfour Declaration
  
13. Anong kasunduan ang pinangunahan ng Estados Unidos na nagsasaad na kapwa lilisanin ng Russia at Great Britain ang bansang Iran upang makapagsarili at maging malaya?
 

A. Tehran Conference	C. Mandate System
B. Treaty of Versailles	D. Balfour Declaration
  
14. Kailan naganap ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
 

A. Agosto 1924	C. Agosto 1914
B. Setyembre 1939	D. Marso 3, 1924
  
15. Anong kasunduan ang nagwakas sa digmaan sa pagitan ng *Allied Powers* ng Ottoman Empire?
 

A. Tehran Conference	C. Mandate System
B. Treaty of Versailles	D. Armistice of Murdos




## **Karagdagang Gawain**

### **Gawain 1: Positibo o Negatibo**

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang pahayag na iyong sinasang-ayunan at ekis (✗) ang hindi mo naman sinasang-ayunan sa iyong sagutang papel.

1. Nasyonalismo ang naging pangunahing tugon ng mga Asyano sa pananakop ng mga Kanluranin.
2. Dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsibalik ang mga Jews sa Kanlurang Asya.
3. Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ipinatupad ng mga Kanluranin ang sistemang mandato sa Kanlurang Asya.
4. Ang patakarang *Divide and Rule* ng mga Ingles ang nagbigay daan sa pagkakaisa ng mga Indian.
5. Relihiyon ang naging pangunahing batayan sa pagpapakita ng nasyonalismo ng mga Indian.



# Susi sa Pagwawasto

- Subukin and Tayahin**
- |      |       |       |
|------|-------|-------|
| 1. D | 6. C  | 11. A |
| 2. C | 7. C  | 12. D |
| 3. B | 8. D  | 13. A |
| 4. B | 9. B  | 14. B |
| 5. C | 10. B | 15. D |

**Balikan**

*Nasyonalismo* - isang sistema ng paninwala o ideolohiyang political ng pagiging makabansa. ay ang pagiging mabuting mamamayan ng isang tao sa bayang sinilangan.

**Tuklasin**

A	O	L	F	S	E	I	L	L	A	H	C	T	O	N	
P	M	V	G	V	Z	Q	T	Y	F	O	N	B	A		
C	S	U	R	O	N	X	P	I	P	M	I	A	T	A	
M	I	Z	H	G	P	R	H	F	Y	T	D	Y	K	M	
I	L	T	W	R	U	Y	Z	O	E	G	N	V	X	G	
L	A	S	I	S	I	R	K	D	A	V	D	C	T	I	
I	N	M	C	P	X	M	N	T	M	I	Q	U	Y	D	
T	O	H	A	N	H	A	Z	Q	S	N	D	I	A	O	
A	Y	B	Y	R	T	M	T	O	A	L	Z	R	J	T	
R	S	F	K	I	N	A	U	D	N	U	S	A	K	K	
I	A	E	O	G	W	H	P	S	A	T	D	Q	F	E	
S	N	N	M	F	U	R	F	W	U	N	M	Z	O	P	
M	S	A	L	P	H	V	H	E	Q	P	U	Y	Q	E	
O	X			O	M	S	I	L	A	Y	R	E	P	M	I
C	E	N	T	R	A	L	P	O	W	E	R	S	U	X	

**Karagdagang Gawain:**

1. /  
2. x  
3. /  
4. x  
5. /

**Pagyaamanin:**

Timeline

- 1914- Natuklasan ang langis sa Kanlurang Asya, dahilan upang mas maging interesado ang mga Kanluraning bansa dito at magtagag ng sistemang mandato.
- Agosto 1914 - Sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig
- Nobyembre 1918 - Nakuha at nasakop na ng Allied Powers ang sentro ng Imperyong Ottoman, ang Constantinople.
- 1915 – 1921 - Pag – atake ng Rusya at Great Britain sa Ottoman Empire na naging dahilan ng malawakang pagkasira ng pamayanan, arti – artian at pagpatay ng maraming Iranian.
- 1919- Hiling ng Great Britain na lumagda sa isang kasunduan ang Punong Ministro ng Iran para magkaroon ng malawak na kapangyarihan sa pagkontrol ng ekonomiya, politika at militar.
- March 3, 1924 - Bumagsak ang Imperyong Ottoman
- Setyembre 1, 1939 - Nagsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig
- 1941- Operation Countenance o pagsakop sa Imperyong Iran ng Rusya at British.
- Ang layunin ay masiguro ang mga Iranian oil fields at ang mga Allied Supply lines patungong Rusya.
- 1942- Pinangunahan ng Estados Unidos ang Tehran Conference na nagsasaad na kapwa lilisanin ng Rusya at Great Britain ang bansang Iran upang makapagsarili at maging malata.
- 1947- Lumaya ang India at nahati sa dalawang pangkat ng Hindu at Muslim. Ang India para sa mga Hindu at Pakistan para sa mga Muslim.



# ***Sanggunian***

## **Modyul**

Rosemarie C. Blando et. al., *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba, Araling Panlipunan Modyul Para sa Mag-aaral*. Pasig City. 2014.

Project EASE, Araling Panlipunan III. Modyul 17: Labanan ng mga Bansa sa Daigdig

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)